# Impormasyon at Tanggapan para sa Tulong- Salapi, Scholarship Grants, atbp.（Sanggunian）給付制度、奨学金制度等の詳細・問い合わせ先

## １． Tuntunin sa Tulong- Salapi

○ “Suporta sa Matrikula para sa Pumapasok ng High School” (*koutou gakkou tou shugaku shien kin seido*)

Pumapasok man sa nasyonal, pampubliko o pribadong paaralan, ang mga senior high school students ay **tutulungan mabayaran ang kanilang matrikula o tuition fee kung ang sweldo ng sambahayan ay masmababa sa nakaukol na halaga**.

※ Ang paaralan, bilang kinatawan ng studyante, ang kukuha sa tulong salapi na ibibigay ng gobyerno. **Hindi direktang binibigay ang pera sa studyante o kanilang magulang.**

※ **Hindi kailangan ibalik o isauli ang perang tulong.**

| | |
|---|---|
| Detalyadong Impormasyon | Sumangguni sa website ng Japan Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology<br>・Para sa madaling maintindihan na Japanese version<br>http://www.mext.go.jp/a_menu/shotou/mushouka/detail/__icsFiles/afieldfile/2017/03/28/1350167_02_1.pdf<br>・Para sa English version<br>http://www.mext.go.jp/a_menu/shotou/mushouka/detail/__icsFiles/afieldfile/2017/03/28/1350167_03_1.pdf |
| Eligible na Paaralan | Senior High School (*koto gakko*), Secondary School Upper Division (*chuto kyoiku gakko koki- katei*), Senior High ng Special- Needs School (*tokubetsu shien gakko koto-bu*), Specialized Vocational High School (1st- 3rd year students) (*koto senmon gakko*), Specialized Training College Upper Secondary Course (*sensyu gakko koto- katei*), atbp. |
| Lugar ng Aplikasyon | Sa pinapasukang paaralan |
| Panahon ng Aplikasyon | Abril (pagkatapos maka- enroll sa Eligible na Paaralan) ※Ang panahon o tagal ng aplikasyon ay nai- iba sa bawat paaralan |
| Para sa mga Katanungan | School Financial Division TEL: 058-272-8734<br>※Para sa pumapasok ng Pribadong Senior High School, makipag- ugnayan sa Gifu Prefectural Private School Promotion and Youth Department TEL:058-272-8240 |

○ “Senior High Scholarship Grant” (*koukousei tou shugaku kyufukin*)

Pumapasok man sa nasyonal, pampubliko o pribadong paaralan, ang grant na ito ay para sa **mga senior high school students na nasa Low- Income Household (lahat ng nagtratrabahong kasambahay ay walang resident tax/ tax exempted) upang matulungan sa school expenses maliban sa matrikula**.

※ **Hindi kailangan ibalik o isauli ang perang tulong.**

| | |
|---|---|
| Detalyadong Impormasyon | Sumangguni sa website ng Gifu Prefecture (sa wikang Hapon lamang)<br>http://www.pref.gifu.lg.jp/kyoiku/kennai-gakko/koto-gakko/17773/koukousei-syougakukyuuhu.html |
| Eligible na Paaralan | Senior High School, Secondary School Upper Division, Specialized Vocational High School (1st- 3rd year students), Specialized Training College Upper Secondary Course, atbp. ※ Hindi eligible ang Senior High ng Special- Needs School |
| Lugar ng Aplikasyon | Sa pinapasukang paaralan |
| Panahon ng Aplikasyon | Setyembre (pagkatapos maka- enroll sa Eligible na Paaralan)<br>※ Makipag- ugnayan sa School Finance Division para sa panahon at detalye ng aplikasyon. |
| Para sa mga Katanungan | Gifu Prefectural School Finance Division TEL: 058-272-8734<br>※Para sa pumapasok ng Pribadong Senior High School, makipag- ugnayan sa Gifu Prefectural Private School Promotion and Youth Department TEL:058-272-8240 |

## 2． Scholarship Grant

### （1）Scholarship Policy ng Gifu Prefecture（Loan type）

Ang mga sumusunod ①〜③ na Scholarship Grant Policy (Loan type) ang meron sa Gifu Prefecture.

Para sa mga detalye, makipag- ugnayan sa ibinigay na telepono o sumangguni sa Gifu Prefectural website (sa wikang Hapon lamang).

※ **Sapagkat ang scholarship ay hiniram o loan (at walang interest), kailangan ibalik ito ng buo. Kung hindi naibalik ang hiniram na pera sa itinakdang panahon, maaaring mapatawan ng delinquent fee.**

| | |
|---|---|
| Contact | Gifu Prefectural School Finance Division TEL: 058-272-8734<br>※Para sa pumapasok ng Pribadong Senior High School, makipag- ugnayan sa Gifu Prefectural Private School Promotion and Youth Department TEL:058-272-8240 |
| Gifu Prefecture Website | http://www.pref.gifu.lg.jp/kyoiku/kennai-gakko/koto-gakko/17773/syougakukinnriyoukibou.html |

#### ①Gifu Prefectural High School Scholarship (*Gifu ken koto gakko shogaku kin*)

Eligible ang mga studyanteng may mga magulang o tagapag- alaga na nakarehistro ang tirahan sa loob Gifu Prefecture at **nahihirapan sa pag- aaral dahil sa pinansyal na rason**.

| | |
|---|---|
| Eligible na Paaralan | Mga Senior High School, Secondary School (Upper Division) at College of Technology sa loob ng Gifu Prefecture |
| Para sa Katanungan | Makipag- ugnayan sa pinapasukang paaralan |
| Panahon ng Aplikasyon | Abril (pagkatapos maka- enroll sa Eligible na Paaralan) ※Ang panahon o tagal ng aplikasyon ay nai- iba sa bawat paaralan |

### ②**Gifu Prefectural Child- rearing Support Scholarship** (*Gifu ken kosodate shien shogaku kin*)

Eligible ang mga studyanteng may mga magulang o tagapag- alaga na nakarehistro ang tirahan sa loob Gifu Prefecture、at siya ay **<u>pangatlo (3rd ) o higit pa sa magkakapatid</u>**.

| | |
|---|---|
| Eligible na Paaralan | Senior High School, Secondary School Upper Division, Senior High Department ng Special- Needs School, Specialized Training College Upper Secondary Course, College of Technology *(koto senmon gakko)* |
| Para sa Katanungan | Makipag- ugnayan sa pinapasukang paaralan |
| Panahon ng Aplikasyon | Abril (pagkatapos maka- enroll sa Eligible na Paaralan) ※Ang panahon o tagal ng aplikasyon ay nai- iba sa bawat paaralan |

### ③**Gifu Prefecture Excellent Student Scholarship** *(Gifu ken sensyosei shogaku kin)* **(University o Senior High Student)**

Eligible ang mga studyanteng may mga magulang o tagapag- alaga na nakarehistro ang tirahan sa loob Gifu Prefecture、 <u>may magandang karakter o personalidad at academic excellence</u>, at <u>nahihirapan sa pag- aaral dahil sa pinansyal na rason</u>.

| | |
|---|---|
| Eligible na Paaralan | Senior High School, University *(daigaku)*, Junior College *(tanki daigaku)*, College of Technology, Secondary School Upper Division, Senior High Department ng Special- Needs School, Specialized Training College Upper Secondary Course |
| Para sa Katanungan | Makipag- ugnayan sa pinapasukang paaralan |
| Panahon ng Aplikasyon | Abril (pagkatapos maka- enroll sa Eligible na Paaralan) ※Ang panahon o tagal ng aplikasyon ay nai- iba sa bawat paaralan |

## （2）Iba pang mga Sistemang Nakakatulong

### ①Mga Pangunahing Loaning System ng Gifu Prefecture

○**Single Parent Welfare Funds Loaning System** (*boshi fushi kafu fukushi shikin kashitsuke seido*)

・ Ito ay isang loaning system na eligible sa mga single mother o father, byuda, atbp. Mayroon itong 12 uri ng funds at kasama na dito ang school funds na pwedeng hiramin.

・ Para sa mga detalye, makipag- ugnayan sa ibaba o sumangguni sa website ng Gifu Prefecture (sa wikang Hapon lamang).

| | |
|---|---|
| Contact | Welfare Office (*fukushi jimusho*) ng tinitirhang lungsod. (Kung nakatira sa “town” o “village”, makipag- ugnayan sa Welfare Division ng Regional Branch Office o *kenjimusho*) |
| Gifu Prefecture Website | http://www.pref.gifu.lg.jp/kodomo/kekkon/hitorioya/11217/ |

○**Seiryu no Kuni Gifu University Scholarship / U- Turn Scholarship** (*seiryu no kuni gifu daigaku tou shogaku kin/ U ta-n shogaku kin*)

・ Ito ay isang loaning system para sa mga studyante ng unibersidad na nag- aaral ngayon sa loob o labas man ng prepektura ngunit sa hinaharap ay babalik sa Gifu Prefecture upang mamuhay at magtrabaho. Pagkatapos maka- graduate, kung maninirahan sa loob ng prepektura, magtratrabaho sa isang korporasyon sa loob ng prepektura, atbp. para sa isang nakatakdang panahon, magiging libre o hindi na kailangan ibalik ang scholarship grant.

・ Para sa mga detalye, makipag- ugnayan sa ibaba o sumangguni sa website ng Gifu Prefecture (sa wikang Hapon lamang).

| | |
|---|---|
| Contact | Residency Section (*Iju Teiju Gakari*) ng Gifu Prefectural Policy Planning Division, Community Development and Residency Office TEL:058-272-8078 |
| Website | http://www.pref.gifu.lg.jp/kurashi/npo-tiiki/machizukuri/c11122/shogakukin.html |

## ②Mga Pangunahing Loaning Systems maliban sa Gifu Prefecture

○**Welfare Loan System** *(seikatsu fukushi kashitsuke seido)* **(Gifu Prefectural Social Welfare Council)**

・ Para sa detalye, makipag- ugnayan sa ibaba o sumangguni sa website (sa wikang Hapon lamang).

| | |
|---|---|
| Contact | Social Welfare Council (*Shakai Fukushi Kyogikai*) sa tinitirhang munisipalidad. |
| Website | http://www.winc.or.jp/services/ecms/ecms_content3.htm |

○**Japan Student Services Organization**

・ Para sa mga detalye, makipag- ugnayan sa ibaba o sumangguni sa website (sa wikang Hapon lamang).

| | |
|---|---|
| Website | http://www.jasso.go.jp/ |

○**National School Loan (Japan Finance Corporation)**

・ Para sa mga detalye, makipag- ugnayan sa ibaba o sumangguni sa website (sa wikang Hapon lamang).

| | |
|---|---|
| Contact | Kyoiku Loan Call Center TEL:0570-008656 |
| Website | https://www.jfc.go.jp/ |